

# Pagsasanay sa Filipino

Pangalan \_\_\_\_\_ Petsa \_\_\_\_\_ Marka \_\_\_\_\_

## Ayos ng Pangungusap

Kakayahan: Naitutukoy kung ang ayos ng pangungusap ay karaniwan o di-karaniwan

Isulat sa patlang ang titik **K** kung ang ayos ng pangugusap ay karaniwan. Isulat ang titik **DK** kung ang ayos ng pangungusap ay di-karaniwan o kabalikan.

- \_\_\_\_\_ 1. Ang araw ay sumisikat na.
- \_\_\_\_\_ 2. Unti-unting nawawala ang dilim.
- \_\_\_\_\_ 3. Bumangon mula sa kanyang kama si Crispin.
- \_\_\_\_\_ 4. Si Inay ay nagluluto ng almusal.
- \_\_\_\_\_ 5. Ang mga tandang ay tumitilaok nang malakas.
- \_\_\_\_\_ 6. Ginigising nila ang mga tao sa pamayanan.
- \_\_\_\_\_ 7. Ang mag-anak ay sabay-sabay kumain ng almusal.
- \_\_\_\_\_ 8. Nagtimpla ng kape si Crispin para kay Itay.
- \_\_\_\_\_ 9. Sina Tatay at Crispin ay mag-aani ng mga gulay at prutas.
- \_\_\_\_\_ 10. Ang mga ani ay ibebenta nila sa palengke.
- \_\_\_\_\_ 11. Bumili ng sariwang isda at manok si Inay.
- \_\_\_\_\_ 12. Masayang umuwi mula sa palengke sina Tatay at Crispin.
- \_\_\_\_\_ 13. Malaki ang kanilang kinita mula sa pagtitinda ng ani.
- \_\_\_\_\_ 14. Ang aming mga magulang ay nagsisikap para sa aming mag-anak.
- \_\_\_\_\_ 15. Nagtutulungan kami sa bahay at sa bukid.

# Pagsasanay sa Filipino

Pangalan \_\_\_\_\_ Petsa \_\_\_\_\_ Marka \_\_\_\_\_

## Ayos ng Pangungusap (Mga Sagot)

Kakayahan: Naitutukoy kung ang ayos ng pangungusap ay karaniwan o di-karaniwan

Isulat sa patlang ang titik **K** kung ang ayos ng pangugusap ay karaniwan. Isulat ang titik **DK** kung ang ayos ng pangungusap ay di-karaniwan o kabalikan.

- DK 1. Ang araw ay sumisikat na.
- K 2. Unti-unting nawawala ang dilim.
- K 3. Bumangon mula sa kanyang kama si Crispin.
- DK 4. Si Inay ay nagluluto ng almusal.
- DK 5. Ang mga tandang ay tumitilaok nang malakas.
- K 6. Ginigising nila ang mga tao sa pamayanan.
- DK 7. Ang mag-anak ay sabay-sabay kumain ng almusal.
- K 8. Nagtimpla ng kape si Crispin para kay Itay.
- DK 9. Sina Tatay at Crispin ay mag-aani ng mga gulay at prutas.
- DK 10. Ang mga ani ay ibebenta nila sa palengke.
- K 11. Bumili ng sariwang isda at manok si Inay.
- K 12. Masayang umuwi mula sa palengke sina Tatay at Crispin.
- K 13. Malaki ang kanilang kinita mula sa pagtitinda ng ani.
- DK 14. Ang aming mga magulang ay nagsisikap para sa aming mag-anak.
- K 15. Nagtutulungan kami sa bahay at sa bukid.